## Mga Tip para sa Anti-Scam




- Kung nakatanggap ka ng tawag mula sa numerong may prefix +852, malamang na ito ay isang scam na nagpapanggap na isang lokal na tawag.
- Hindi ibig-sabihin na tunay na alagad ng batas o kawani ng isang organisasyon ang isang estranyo kahit alam niya ang iyong personal na impormasyon o kaya niyang magpadala sa iyo ng isang legal na dokumento na may larawan mo.
- Hindi magpapatupad ng batas sa Hong Kong ang mga alagad ng batas mula sa ibang bansa at rehiyon.
- Huwag sabihin ang iyong personal na impormasyon, kasama ang iyong pangalan, numero ng ID card, address, bank account number, at password sa mga estranyo (kasama ang mga aplikasyon o website mula sa mga hindi kilalang mapagkukunan).

## Mga FAQ

### Paano mababawi ng mga biktima ang mga nawala sa kanila?

- para maiwasang maimbestigahan ng mga ahensya na nagpapatupad ng batas, ililipat kaagad sa malayo ng mga kriminal ang ini-scam na pondo para magmukha itong legal na pera. Magsusumikap ang pulisya na subaybayan ang mga pondo kasama ang naaangkop na mga bangko/pinansyal na institusyon. Dapat ding kontakin kaagad ng mga biktima ang remittance bank kapag napagtanto nilang na-scam sila para subukang kanselahin ang paglilipat.
- Kung inilipat ang ini-scam na pondo sa partikular na account sa bangko at hindi ito ipinadala ng pinagmulang bangko, dapat kang magsagawa kaagad ng sibil na aksyon para mabawi ang mga nawala, pero kailangan mong bayaran ang legal na mga gastosin (kabilang ang mga bayarin sa abogado). Pakitandaan na maaaring hindi sapat ang natitirang balance sa suspect account para mabayaran ang iyong legal na gastos. Maaaring gumagawa din ng legal na aksyon ang ibang biktima kaugnay sa mga pondo ng account.
- kung hindi kaugnay sa anumang civil claim ang mga pondong hindi ipinadala, mag-a-apply ng pag-forfeit sa mga pondo ang Pamahalaan ng HKSAR ayon sa mga batas ng Hong Kong. Kapag iniutos ng korte ang isang pag-forfeit, walang karapatan ang biktima na makakuha ng parte ng pera.When the court orders a forfeiture, the victim will not be entitled to a share of the money.

### Paano ka makakatulong bilang kapamilya at kaibigan ng biktima?

- Mas pangalagaan at samahan ang biktima.
- Kung matapos payohan ay hindi pa rin naniniwala ang biktima na na-scam siya, dapat kang tumawag kaagad sa Anti-Scam helpline sa 18222 para sa tulong at maiwasang mas mawalan pa.

Nag-aalok ng espesyal na pagpapayo at serbisyong suporta ang mga sumusunod na Non-Governmental Organisation sa mga nabiktima ng scam

## Pinansyal na Pagpapayo

**Pagpapayo sa Krisis at Utang**

明愛向晴軒 危機專線及教育中心
Caritas Family Crisis Line and Education Centre

☎ 18288 — Hotline (24)

(Cantonese/English/Putonghua)

**Pagpapayo sa Pagbadyet**

東華三院 Tung Wah Group of Hospitals 健康理財家庭輔導中心 Healthy Budgeting Family Debt Counselling Centre

TWGHs Healthy Budgeting Family Debt Counselling Centre

☎ 2548 8411 (24)

(Cantonese/English/Putonghua)

## Emosyonal na Suporta

**Emosyonal na Kaginhawahan**

生命熱線 Suicide Prevention Services

☎ 2382 0000

(Cantonese)

Mga Serbisyo sa Pag-iwas sa Pagpapakamatay (24)

**Suriin, Kumonsulta sa Pagpapayo**

香港青年協會 the hongkong federation of youth groups 青年違法防治中心 Youth Crime Prevention Centre

☎ 8100 9669

(Cantonese/English/Putonghua)

Lun-Biyer 1000-2200

The Hong Kong Federation of Youth Groups

**Mobile App**

香港心理衞生會 The Mental Health Association of Hong Kong

Lun-Biyer 1400-2200

Mobile App

Online na emosyonal na suporta na ibibigay ng mga social worker

**Pigilan ang Pagpapakamatay**

撒瑪利亞會 The Samaritans 24 Hour Multi-Lingual Suicide Prevention Services

24 Oras na Multi-Lingual na Mga Serbisyo sa Pagpigil sa Pagpapakamatay

Ang Samaritans (24)

☎ 2896 0000

(Cantonese/English/Putonghua/Iba Pa)

✉ jo@samaritans.org.hk

CPB

SafeCity.HK

Cyber Defender 守網者


Scameter Scan for Scam

ADCC Anti-Deception Coordination Centre 反詐騙協調中心

ADCC

# Pamplet na Suporta sa Kontra-sa-Panloloko

## CaRing Scheme




Sa mga araw na ito, pakiramdam mo ay binabangungot ka. Natataranta ka.
Maaaring kinukwestyon mo nga ang iyong desisyon sa pagre-report sa krimen.
Mangyaring sabihin sa aming mga imbestigador kung ano ang nangyari.
Alam naming nangangailangan ito ng matinding lakas ng loob.
Pero ito lang ang paraan para makaalis ka sa hindi magandang sitwasyong ito.

Ginawa ng
Kawanihan sa Pag-iwas sa Krimen ng Pulisya ng Hong Kong
Enero 2024

Tagalog (他加祿語)

## ✓ Mga Dapat Gawin

*Pagkatapos malaman na na-scam ka..*




Kaagad na abisuhan ang magpapadalang bangko para makansela ang kaugnay na paglilipat.




Kung ibinigay mo sa mga scammer ang iyong password ng account/online banking dapat mong abisuhan kaagad ang bangko.




Ihanda ang kaugnay na mga rekord sa pagpapadala at paglilipatiA gaya nga mga remittance slip, rekord ng paglilipat online, atpb. Kung hindi available, mangyaring mag-apply kaagad sa bangko na magpapadala at maglilipat para sa imbestigasyon ng pulis.




Kung nakapag-download ka ng anumang aplikasyon mula sa mga scammer, dapat mo itong burahin at i-scan ang iyong mobile device gamit ang anti-malware software pagkatapos matandaan ang mga mahahalagang rekord.

## ✗ Mga Hindi Dapat Gawin




Hwag patuloy na kontakin ang scammer para makuhang muli ang iyong pera.



Mag-ingat sa mga scammer na kinokontak ka gamit ang ibang pangalan at ibang palusot para lokohin ka na magpadala muli ng pera.

# Mga pamamaraan na maaari mong pagdaanan

*kapag nakikipagtulongan sa isang imbestigasyon*






### Pagkuha ng salaysay

- Iimbitahan ka ng pulis para idetalye ang insidente. Pagkatapos ay aanyayahan kang basahin, baguhin (kung kailangan) at pirmahan ang salaysay para kumpirmahin na naaayon ito sa sinabi mo.
- Pakitandaan na dapat totoo at wasto ang lahat ng impormasyong ibinigay mo sa pulisya.
- Pagkatapos makuha ang iyong salaysay, karapatan mong makatanggap ng libreng kopya nito, kung maaari.
- Ang salaysay ay ipapaalam sa panig ng akusado bago ang paglilitis at maari ka nilang kwestyonin tungkol sa iyong salaysay sa panahon ng paglilitis.

### Ebidensya




- Kailangan mong magbigay ng mga rekord ng palilipat ng pera kaugnay sa kaso at mga rekord ng iyong pakikipag-ugnayan sa suspetsado. Maaring kumpiskahin din ng pulisya ang mga gamit na mahalaga sa imbestigasyon, tulad ng iyong mobile phone at/o computer, bilang ebisensya.
- Isasauli sa iyo ng pulisya ang kinumpiskang mga gamit na ginawang ebidensya kapag maaari na.

### Pagkuha ng impormasyon sa imbestigasyon at paglilitis


- May karapatan kang malaman ang usad ng kaso, anuman ito o anuman ang resulta ng kaso.
- Kapag paglilitis ang pasya ng pulisya, ipapaalam sa iyo ang proseso ng paglilitis, iyong tungkolin bilang isang saksi, ang petsa at lugar ng pagdinig ng paglilitisiAat kung haharapin ang kaso, kabilang ang resulta ng apela, atbp.

### Pagsama ng iba



- Maaari kang samahan ng sinuman sa imbestigasyon ng pulisya hangga't hindi ito hadlang sa imbestigasyon at hindi nadudungisan ang hustisya.

### Impormasyon sa Pagkontak





- Pagkatapos ng pangunang pagsisiyasat, ipapaalam sa iyo ang numero ng report, pangalan, ranggo at detalye ng pagkontak ng opisyal ng kaso.

### Serbisyo ng pagsasalin & interpretasyon




- Kung hindi Chinese(Cantonese) o Ingles ang iyong wika, o kung pinipili mong magbigay ng salaysay sa ibang wika, bibigyan ka ng interpreter ng pulisya.

### Parada ng pagkilala




- Kung nakilala mo ang suspetsado sa panahon ng panlilinlangiAmaaaring magsagawa ng pagkilala ang pulisya kung nakita nilang hindi tugma ang suspetsado at ang pagkakakilanlan nito.

### Break & pampalamig



- Maaaring abutin ng ilang oras ang pagkuha ng salaysay, kaya mangyaring maglaan ng sapat na panahon.
- Maaari kang humiling ng maikling break at humingi ng tubig na maiinom sa panahon ng imbestigasyon mula sa opisyal ng pulis. Maaari ka ring magpabili ng pampalamig o pagkain gamit ang iyong sariling pera.